PAGBABAGO SA PAUNAWA NG PAGSASANAY SA WALANG PAGBUBUNYAG

Ang programang “Refugee Health Assessment” ay kailangang sumunod sa patakarang nakasaad sa paunawang ito. Kami ay may karapatang baguhin ang patakaran at gamitin ito sa lahat ng programa ng “Refugee Health Assessment” Kung mangyari ito, aming papalitan ang paunawang ito at ibabahagi sa mga kliente ng programang “Refugee Health Assessment” Program clients.

WALANG GANTI

Maaaring hindi tumangging bayaran ng programang “Refugee Health Assessment” ang inyong mga bayarin o gumanti sa anumang paraan kung kayo ay naghain ng reklamo o gumamit ng anumang karapatang pampribado sa paunawang ito.

Ang paunawa ng Walang Pagbubunyag na ito ay mula sa programang “Refugee Health Assessment. Maari din kayong kumuha ng iba pang paunawa sa inyong doktor at iba pang programang tagapag-alaga.

⮜⮜⮜ MAHALAGA ⮞⮞⮞

ANG PROGRAMANG “REFUGEE HEALTH ASSESSMENT” AY WALANG KUMPLETONG KOPYA NG INYONG MEDIKAL NA REKORD. KUNG NAIS MAKITA, MAKAKUHA NG KOPYA, O BAGUHIN ANG INYONG REKORD NA MEDIKAL, MAARI PO LAMANG NA MAKIPAG-UGNAYAN SA INYONG DOKTOR, KLINIKA O TAGAPAGPLANO NG INYONG PANGKALUSUGANG PANGANGALAGA.

KUNG PAANO NINYO GAGAMITIN ANG INYONG KARAPATAN?

Kung sa inyong palagay na ang inyong karapatan sa walang pagbubunyag ay nalabag, maaaring maghain ng reklamo sa pagtawag o pagliham sa:

Privacy Officer
CA Department of Public Health
P.O. Box 997377
MS 0506
Sacramento, CA 95899-7377
(916) 440-7671 or (877) 421-9634 TTY/TDD

o

Regional Manager
Department of Health and Human Services
Office for Civil Rights
90 7th Street, Suite 4-100
San Francisco, CA 94103

Para sa iba pang impormasyon, tumawag sa:
(800) 368-1019
o
U.S. Office for Civil Rights sa
(866) OCR-PRIV (866-627-7748)
or (866) 788-4989 TTY

Upang makakuha ng paunawang ito sa ibang wika, Braille, malaking printa, cassette o “computer disk”, maaring tumawag o magliham sa Pampribadong Opisyal sa numero o lugar na nakalista sa itaas.

[Tagalog]

California
Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan

PROGRAMANG “REFUGEE HEALTH ASSESSMENT” ASSESSMENT

PAUNAWA NG PAGSASANAY SA WALANG PAGBUBUNYAG

Epektibo Agosto 2008

Ang paunawang ito ay naglalarawan kung paanong ang inyong impormasyong medikal ay maaaring gamitin at ihayag at kung paano makakakuha ng inyong impormasyon.

MAARING BASAHING MABUTI.

ANG WALANG PAGBUBUNYAG AT KAYO

Ang paunawa na ito ay nagsasaad na ang lahat ng impormasyong pangkalusugan tungkol sa inyo ay mananatiling pribado; kung paano makakakuha ng kopya ng inyong impormasyong mayroon kami, at kung ano ang inyong mga karapatan. Nakasaad din dito kung paano ang programang " Refugee Health Assessment" (Programa ng Pagsusuri sa Kalusugan ng mga "Refugee") ay makatutulong sa paggamit ng inyong impormasyong pangkalusugan at sa pagbahagi nito sa iba.

Ang batas ay nag-aatas na ipagbigay alam ng Programa ng Pagsusuri sa Kalusugan ng mga "Refugee" ang paraan ng pangangalaga ng inyong personal at pangkalusugang impormasyon at ang inyong mga karapatan. Ang impormasyong ito ay nagsasaad din ng impormasyong pangkalusugan mula sa mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o kanilang mga kinatawan na siyang nagpapadala ng mga bayarin sa amin para sa pag-apruba ng kabayaran para sa pangangalaga ng inyong kalusugan.

KUNG PAANO NAMIN MAAARING GAMITIN AT IBA-HAGI ANG IMPORMASYON TUNGKOL SA INYO

Ang batas Pederal ay nag-aatas na gamitin at ibahagi ang impormasyong mayroon kami tungkol sa inyo para sa pag-papatakbo ng Programa ng Pagsusuri ng Kalusugan ng mga "Refugee" Ang impormasyong ito ay naglalaman ng inyong pangalan, tirahan, personal na katibayan, medikal na kasay-sayan at pangangalagang pang-medikal na ibinigay sa inyo

Ang impormasyong ito ay ginagamit at ibinabahagi sa iba sa mga sumusunod na dahilan:

- **Para sa Pagpapagamot:** Maaaring gamitin ng Programa ng Pagsusuri ng Kalusugan ng mga "Refugee" ang inyong impormasyon medikal upang masuri ang kabuuang serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan at ang kalidad nito.
- **Para sa Pagbabayad:** Inaaprubahan at binabayaran ng Programa ng Pagsusuri sa Kalusugan ng mga "Refugee" ang klinika na nagbibigay ng serbisyong pangangalaga sa kalusugan. Sa ganitong paraan, maaari kaming makipag-ugnayan sa mga doktor, mga klinika, at iba pa na sumisingil sa amin para sa inyong pangangalaga o pagpapagamot.
- **Para sa Operasyon ng Pangangalaga ng Kalusugan:** Maaaring gamitin ng Programa ng Pagsusuri ng Kalusugan ng mga "Refugee" ang inyong pangkalusugang tala o rekord upang masuri ang serbisyong pangangalaga sa kalusugan na inyong natanggap. Maaari din na gamitin ang impormasyong ito sa pagbibilang o pag-imbestiga sa pandaraya, para sa pagpa-plano at pangangasiwa ng programa.

IBA PANG MGA PARAAN NA MAAARING MAIBA-HAGI ANG INYONG IMPORMASYON

Pinahihintulutan ng batas ang Programa ng Pagsusuri ng Kalusugan ng mga " Refugee" na gamitin o ibahagi ang impormasyong mayroon kami tungkol sa inyo sa mga su-musunod na dahilan:

- Para sa mga ahensiya na siyang tumitingin sa sistema ng pangangalaga ng kalusugan para sa pagbibilang o imbestigasyon.
- Sa pag-apila ng desisyon ukol sa binayarang pagpa-pagamot o tinanggihang pagpapagamot ng Programa ng Pagsusuri ng Kalusugan ng mga "Refugee".
- Sa Pederal na gobyerno sa pagsusuri nito sa kung paano kami tumutugon sa batas ng walang pagbubun-yag.
- Sa pagkalap ng impormasyong hindi na maibabalik pa sa inyo.

Maaari naming ibahagi ang inyong impormasyong pang-kalusugan tungkolsa inyo sa mga samahan o organisas-yong tumutulong sa amin sa pagpapatakbo ng aming pro-grama. Kung mangyari ito, sinisiguro namin na ligtas ang pribadong impormasyong ibinabahagi sa kanila.

Nililimitahan ng ibang batas-estado ang pamamahagi ng impormasyong nakasaad sa itaas. Halimbawa, mayroong mga espesyal na batas na nangangalaga sa impormasyon ukol sa estado ng HIV/AIDS, mental na kalagayan, kala-gayan ng pagkabalda, at pangangalaga sa mga impormas-yon ukol sa pag-abuso ng droga at alkohol. Kami ay susunod sa mga batas na ito.

SULAT NG PAHINTULOT

Kinakailangang may kasulatan ang Programa ng Pagsusuri sa kalusugan ng mga "Refugee" na nagpapahintulot na gamitin o ibahagi ang personal at pangkalusugang impor-masyon tungkol sa inyo para sa anumang dahilan na hindi nakasaad sa paunawang ito.

MGA TANONG

Kung kayo ay may mga tanong ukol sa paunawang ito at nais ang karagdagang impormasyon, maaring makipag-ugnayan sa opisyal ng walang pagbubunyag (Privacy Offi-cer) Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan (Department of Public Health) sa lugar at numero na nakasulat sa li-kuran ng paunawang ito.

ANO ANG INYONG MGA PAMPRIBADONG KARA-PATAN SA ILALIM NG BATAS?

Kayo ay may karapatan na:

- Ipagbigay-alam sa amin na huwag gamitin o ibahagi ang personal na impormasyon ukol sa inyong pagpa-pagamot ayon sa paraan na nakasaad. Gayun-paman, maaaring hindi namin mapagbigyan ang inyong hiling.
- Sabihan kami na makipag-ugnayan lamang sa inyo sa pamamagitan ng liham o sa ibang tirahan, "P.O box " o telepono. Tatanggapin namin ang mga makatwirang hiling kung kinakailangan upang ma-protektahan kayo.
- Upang makita at makakuha ng kopya ng inyong im-pormasyon at mga tala ng Programa ng Pagsusuri sa Kalusugan ng mga "Refugee". Ang aming mga tala ay mayroong mga impormasyong medikal mula sa inyong unang pag-papatingin sa doktor. Maaari kayong may bayaran para sa kopya at paghuhulog ng liham sa inyo. Maaari hindi namin kayo bigyan ng pahintulot na makita ang lahat o bahagi ng inyong mga rekord kung isinasaad sa batas. Kung gayon, magbibigay kami ng impormasyon kung paano ang pag-apila sa aming desisyon.
- Upang mapalitan ang mga nakatala kung sa inyong paniwala na ang ibang impormasyonsa aming rekord ay hindi tama. Maaari naming hindi pahintulutan ang inyong pakiusap kung ang inyong impormasyon ay hindi hindi nagmula sa aming rekord o ang impor-masyon ay naitama at kumpleto na. Kung ang inyong pakiusap ay hindi napahintulutan, kayo ay maaaring sumulat ng hindi pagsang-ayon sa aming desisyon at ang inyong liham ay aming ilalakip sa aming mga tala.
- Kayo ay may karapatang humiling ng lista ng mga pagkakataong naibahagi namin ang inyong impor-masyong pangkalusugan matapos ang Abril 14, 2003. Isasaad ng lista kung anong impormasyon ang ibinahagi, kung kanino, kailan, at kung para sa anong dahilan. Hindi isasaad sa listahan kung ilang beses namin ibinigay ang impormasyon sa inyo, kung kailan kami humingi ng pahintulot, o kung kailan namin ito ibinahagi para sa paggamot, para sa pagbabayad o mga operasyon ng paggamot.
- Kayo ay may karapatan sa kopya ng paunawang ito kung hilingin. Maaari ding makita ang paunawang ito sa aming website sa: www.cdph.ca.gov/HealthInfo/Pages/PrivacyNotices andStatements.aspx.